2021 Setyembre 8

Elementarya/Sekondarya ng Lungsod ng Kani
MAgulang/Tagapag-alaga

Lungsod ng Kani, Lupon ng Edukasyon

# Aktibidad ng Paaralan mula Setyembre 13

9 月 13 日からの学校の活動について

Isinagawa ang mga klase na may kaunting bilang ng mag-aaral sa bawat klase (hanggang Setyembre 10), ang pag-check ng kalusugan at hindi regular na oras ng pagpasok sa paaralan ay mga hakbang sa pag-iwas ng impeksyon ng covid.

Kahit na ipinaalam sa inyo ang inaasahang pagbalik ng regular na klase/aktibidad sa Setyembre 13 (Lunes), upang higit pang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon, ang "pagbalik sa normal" ay isasagawa sa unti-unting pamamaraan tulad ng mga nakasaad sa ibaba. Bilang karagdagan, kung magkakaroon ng posibilidad na kumalat ang impeksyon sa paaralan, maaaring pansamantalang masuspinde ang isang klase o ang buong grado.

【Panahon】 Setyembre 13 (Lunes) hanggang Setyembre 17 (Biyernes)

Nilalaman

・**Ang pagpasok sa paaralan ay gaya ng dati**
・**Sa umaga lamang isasagawa ang mga klase**
・**Uwian pakatapos kumain ng school lunch**
**（kinakailangan kumain ng tahimik ang mga mag-aaral）**

※Inaasahang isasagawa ang normal na pamumuhay sa paaralan mula Setyembre 21 (Martes) (maaaring magbago depende sa sitwasyon ng impeksyon)

【Hakbang sa pag-iwas ng impeksyon】

・Sukatin ang body temperature ng bata at sulatan ang health check card.
・Kailangang magsuot ng mask, maghugas at magdisinffect ng kamay.
・Iwasan ang mga aktibidad sa grupo at iwasang makihalubilo sa ibang klase
・Ikansela ang mga clubs (maliban sa club na may championships)

【Iba pa】 Pakiusap sa mga magulang/tagapag-alaga

・**Huwag papasukin kung masama ang pakiramdam o nagpa-PCR test ang bata o miyembro ng pamilya.**
・**Kung ayaw papasukin ang bata dahil sa impeksyon, hindi ito magiging "absence".**